**Pamagat**: Ang Payo na Magsisi (The Exhortation to Repent)

**Texto**: Joel 1:15 " Alas for the day! for the day of the LORD is at hand, and as a destruction from the Almighty shall it come."

> *Pagsasalin*: Kahabag-habag ang araw na iyon! Sapagkat ang araw ng Panginoon ay malapit na, at ito'y darating na gaya ng pagkawasak mula sa Pinakamakapangyarihan sa lahat.

**Panimula**:

1. Pinapaliwanag ni Joel ang iba't-ibang mga hatol ng Dios sa Judah, at ang hinihikayat ni Joel sa seksyon na ito (vv.8-20) ay ang pagsisi, na may kasamang pag-aayuno bilang katunayan ng kanilang pagsisi.
2. Ang "sackcloth" ay kasuutan ng mga nagdadalamhati. Ang kahulugan ay nais ng Dios na ang tao (ang Judah) ay magsisi.

I. **Ang mga Grupo na Naapektohan ng Hatol ng Dios**:
   - A. (v.5) Lassenggo, at umiinom ng alak.
   - B. (v.9) mga pari at mga alagad ng Dios.
   - C. (v.11) mga magsasaka, at "vinedresser" (nag-aalaga ng ubasan).
   - D. (v.12) "sons of men" – mga tao.
   - E. "sapagkat ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng tao" – ito ay ang kalagayan ng tao sa panahon ng hatol ng Dios. [malaganap ang hatol ng Dios]

II. **Ang Pakiklahok ng Panginoon sa mga Pangayayari**: (v.13)
   - A. Pinipigilan Niya ang pagpapala (v.13); kasiyahan (v.16)
   - B. Pagkawasak ay Mula sa Panginoon (v.15)
   - C. Pati ng mga baka o hayop at mga halaman ay naapektohan ng hatol ng Dios (v.18-20)

III. **Ang Larawan ng Pagsisi**: (v.14)
   - A. "Sanctify ye a fast" – isang araw ng pag-aayuno – ang pagsisisi ay hindi nagagambala ng mga activities o gawain.
   - B. "call a solemn assembly" – isang banal na pagtitipon – nakiki isa tayo sa Panginoon. Ito ay banal na oras, banal na pagkakataon na ang isip natin ay patungkol sa ating pagkasala at sa Panginoon.
   - C. "cry unto the LORD" – Dumaing kayo sa PANGINOON, na may halong luha ng pagsisisi, at pananalangin na may halong pananampalataya. Ang tinig ng puso ay masnaririnig ng Dios Kaysa sa tinig ng boses.
   - D. Ang pagsisi ay ang pagbaling sa kasalanan at pagharap sa Dios (v.19) – O PANGINOON, sa iyo ako'y tumatawag.

**Katapusan**:

1. Ginamit ni Joel ang nakalipas na salot ng mga balang para hikayatin niya ang Judah na magsisi dahil sa parating na Araw ng PANGINOON.
2. Sa Araw na ito, ang pagkawasak (destruction, "shod") ay manggagaling sa "Almighty" ("Shaddai"). [Isa. 13:6]
3. Ang mga ito ay larawan ng Tribulation period na kung saan papasok ang Day of the LORD (Araw ng PANGINOON). Si Joel ay ang spokesman ng Day of the LORD sapagakat binanggit niya ito ng mga limang beses.
4. Ang pagsisisi ay pamamaraan na kung saan pinapakita natin ang tunay na pananampalataya sa Dios (James 2:14-26). Ito ay ang pagpapakita ng tunay ng pagbabago ng saloobin o kalooban (Matt. 3:1-2).